ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# KONTEKSTWAL NA PAGSUSURI SA MGA KUWENTONG PAMBATA: TUON ANG KUWENTONG PANGKALIKASAN

***Andrea P. Adigue, PhD.**
*College of Education, Nueva Ecija University of Science and Technology*
*https://orcid.org/0000-0001-7174-0311*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra12391**
**DOI No: 10.36713/epra12391**

## ABSTRAK

***Ang panitikang pambata ay hindi lamang pambata, dahil bukod sa kakayahan nitong magbigay ng kaalaman at tulungan ang bata na maintindihan at matutuhang magamit ang wika, taglay din nito ang kakayahang mailipat o maipasa ang kultura ng isang lipunan sa mga batang binabasahan o nagbabasa. Tatlo ang kuwentong Pambata na sinuri at gamit ang Ekokritisismo sa pagsusuri.***

***Lumabas sa pagsusuri ang direktang paglalahad at paglalarawan sa panimula ng mga kuwento na nagbubukas sa kamalayan ng mga bata. Sa saglit na kasiglahan ay nagpakita ng mga salitang nagpagalaw sa imahinasyon, diyalogo at pagsasalaysay, simbolismo at mga tayutay, at matatalinghagang salita. Sa Katawan, ipinakita ang kinaharap na parusa ng mga tauhan na nagbigay daan upang magkaroon ng kulay ang mga pangyayari na nagdulot ng pagiging matatag at positibo sa buhay ng mga tauhan, at sa Wakas, ipinakita ang malungkot na kinahinatnan sapagkat naubos ang lahat ng kanilang ari-arian, natuto at nagbago ang pag-uugali.***

**SUSING SALITA:** ***Ekokritisismo, Kuwentong Pambata, Kuwentong Pangkalikasan, climate change***

## PANIMULA

Ang panitikang pambata ay hindi lamang pambata, dahil bukod sa kakayahan nitong magbigay ng kaalaman at tulungan ang bata na maintindihan at matutuhang magamit ang wika, taglay din nito ang kakayahang mailipat o maipasa ang kultura ng isang lipunan sa mga batang binabasahan o nagbabasa. Ang panitikang pambata ang madalas na nakakaligtaang uri ng panitikan dahil kakaunting kritiko ang naglaan ng panahon at isip upang suriin ito. Nagiging daan din ang pakikisangkot sa lipunan upang mas maging makabuluhan ang mga kuwentong lilikhain. Noong Dekada ’60 at ’70 pa lang, may mga nagbabala na tungkol sa malalang epekto ng climate change. Sa *Mankind and Mother Earth*, nakinita ni Arnold Toynbee na ang pagkaganid ng sangkatauhan ang makakasira sa biosphere at hahantong sa “eko-pagtitiwakal” (sipi sa Glotfelty at Fromm 225).

Matapos ang apat na dekada, marami-rami na rin ang natipon na pananaliksik ukol sa kalikasan sa agham. Sa kabilang banda, sa panahong ito ng matinding lagay ng panahon, hindi lang dapat paksa ng *environmentalist, ekonomista, political scientist, at antropolohista* ang kalikasan. Dapat itong gugulan ng pansin ng lahat.

Inilahad ni Rushdie (2008) na ang mga mag-aaral na may taglay na maraming karanasan ay inaasahang magkakaroon ng higit na pag-unawa at pagkalugod sa daigdig ng imahinasyon na nilikha ng mga akdang pampanitikan. Samakatuwid, ang mga genre na ito ay mahalaga sa pag-uugnay ng karanasan ng mambabasa sa mga pangyayari, tauhan, at mga sitwasyong inilalahad.

Mula sa nabanggit na kalagayan, tinangka ng mananaliksik na humanap ng solusyon kung papaano makatutulong upang ang malawakang problema ay mabigyan ng bahagyang solusyon. Sa pag-aaral ni Adigue, A. P. (2022), sinasabi na kung ano ang itinuro sa bata ay bitbit niya hanggang sa kanyang pagtanda, kung kaya mas mabuting ituro ng mas maaga ang pagbabasa ng mga maikling kuwentong pambata na makapagbubukas sa kanilang pang-unawa at kamalayan sa mga paksang tumatalakay sa mga panlipunang usapin at partikular sa pagbabago ng klima o *climage change.*

Bilang pagtugon sa mga nabanggit na kalagayan, ang pokus ng pag-aaral na ito ay ang Kontekstwal na Pagsusuri sa mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan. Ayon sa aklat na “*Book Smart: How to Develop and Support Successful,*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

*Motivated Readers"* nina Cunninghum at Zibulsky (2013) isa pang kritikal na aspekto ng pagbabasa para sa mga bata ay ang pagkakaroon ng potensyal na mabago ang kanilang pag-iisip, pakikipag-ugnayan sa kapwa at maintindihan ang mundo.

Samakatuwid, tunay na malaki ang pangangailangan para sa paglalangkap ng kamalayang sa pangkalikasan, na lalot higit na makatutulong ang mga kuwentong pambata sa pagbubukas ng mahalagang kamalayan sa mga batang mag-aaral. Ang pananatiling buhay ng kalikasan ang tinutukoy na moral na obligasyon ng bawat Pilipino sa kaniyang kapuwa at sa susunod na henerasyon (Camacho 2004).

## Mga Layunin Ng Pag-Aaral

Layunin ng pag-aaral na ito ang Kontekstwal na Pagsusuri sa mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan. Ang tiyak na layunin ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Masuri ang mga tema ng Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na tumatalakay sa *climate change*?

2. Mataya kung papaano inilahad upang mabuksan ang kamalayan sa isyu ng *climate change* sa mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan ayon sa:

   2.1 Panimula;
   2.2 Saglit na Kasiglahan;
   2.3 Katawan;
   2.4 Wakas;
   2.5 Kakintalan

## METODOLOHIYA

*Instrumento at Kagamitan ng Pananaliksik*

Ginabayan ng Ekokritisismo ang pagsusuri sa mga aklat pambata. Tinutukoy ng ganitong dulog sa pagsusuri ang "pag-aaral sa ugnayan ng kapaligiran at panitikan" (Dobrin at Kidd 2004,3). Nakatuon ang ganitong panunuring pampanitikan sa kalikasan.

Dagdag pa rito, naglatag din si Lawrence Buell kaugnay sa mga akdang makakalikasan:

> *The nonhuman environment is present not merely as a framing device but as a presence that begins to suggest that human history is implicated in natural history.*
> *The human interest is not understood to be the only legitimate interest.*
> *Human accountability to the environment is part of the text's ethical orientation.*
> *Some sense of the environment as a process rather than as a constant or given is at least implicit in the text.*

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa nosyon na dapat turuan ang bata ukol sa kalikasan dahil ang mga Kuwentong Pangkalikasan ay nakapaloob sa mga Kuwentong Pambata.

*Panimulang Datos*

Pumili ang mananaliksik ng tatlong kuwentong pambata ukol sa pangkalikasan, ayon sa pag-aaral na isinagawa sa *University of Alberta International Institute for Qualitative Methodology nina Nowell, Norris at White na Thematic Analysis: Striving to Meet the Trustworthiness Criteria, 2017.* Mayroong apat na hakbang upang matiyak ang temang ipinahihiwatig nang isang akda. Ito ay ang mga sumusunod;

1. Maging pamilyar sa akda o datos na susuriin.
2. Suriing mabuti ang mga detalye. Ang mga nakakubling mensahe sa bawat pangayayari.
3. Buuin ang temang nakita.
4. Muling balikan ang kabuuan ng mga datos at suriin kung akma ang nakitang tema.

Ang apat na hakbang na ito ang ginamit ng mananaliksik sa pagsusuri sa paksa o tema ng bawat Kuwentong Pambata.

**Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral**

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga naging resulta sa Kontekstwal na pagsusuri sa mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan.

**Tema ng Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan**

Inilahad sa talahanayan ang mga temang nakita sa mga Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan.

**Talahanayan Bilang 1.**
***Mga Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan sa mga Kuwentong Pambata***

| Mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan | Tema |
|---|---|
| 1.1 Signal number 3 Ni Luis P. Gatmaitan, M.D. | Bagyo at Pagbaha |
| 1.2 Si Emang Engkantada At Ang Tatlong Haragan Ni Rene O. Villanueva | Pag-aaksaya ng tubig at kuryente, pagpuputol ng mga puno at pagtatapon ng basura sa hindi tamang lalagyan. |
| 1.3 Ang Baha ng Kabaitan Ni Grace D. Chong | Pagbaha |

**1.1 Signal number 3**

Ang kuwentong Signal Number 3 ay pumapaksa sa malakas na bagyo at malawakang pagbaha. Ipinakita rin dito ang kawalan ng tamang impormasyon upang mapaghandaan ng mabuti ang pagdating ng ganitong uri ng sakuna.

> "Habang kumakain ay nakinig kami ng balita sa radyo."
> "Itinaas napo sa signal number 3 ang bagyong Koring sa Katimugang Luzon. Ipinapayong mag-ingat ang lahat. Unti-unti nang tumataas ang tubig kaya ang mga naninirahang malapit sa karagatan ay pinapayuhang lumikas sa mataas na lugar. Malakas na po ang hangin at ulan ..."
> "Diyos ko po! Sana'y hindi naman tayo mapupuruhan ng bagyo."

Sa kabila ng ilang kaalaman tungkol sa paghahanda kapag may darating na bagyo lumalabas lamang magpasahanggang ngayon na kulang pa rin ng sapat na kaalaman o impormasyon upang mapaghandaan ang mga hindi inaasahang pangyayari.

**1.2 Si Emang Engkantada At Ang Tatlong Haragan**

Ang kuwentong pambata na ito ay patungkol sa mga tatlong batang haragan na hindi alam ang tamang gawi sa kalikasan. Mahilig silang mag-aksaya ng tubig at kuryente, hindi rin nila alam ang tamang pagtatapon ng basura at higit sa lahat hindi sila marunong mag- ingat sa mga likas na yaman ng ating kalikasan.

> "Ito naman ang tatlong haragan. Si Pat Kalat ay hari ng basura. Kalat dito, tapon doon. Ito ang ugali niya. Si Pol Putol ay kaaway ng mga halaman. Putol dito, bunot doon. Ito ang libangan niya. Si Paz Waldas ay reyna ng aksaya. Aksaya sa tubig. Waldas sa koryente. Ito ang gawain niya. Ito naman ang tatlong haragan. Si Pat Kalat ay hari ng basura. Kalat dito, tapon doon. Ito ang ugali niya. Si Pol Putol ay kaaway ng mga halaman. Putol dito, bunot doon. Ito ang libangan niya. Si Paz Waldas ay reyna ng aksaya. Aksaya sa tubig. Waldas sa koryente. Ito ang gawain niya."

Pinatutunayan lamang nito na maraming bata pa rin ang hindi marunong magpahalaga sa ating kalikasan, sumisimbolo rin si Emang Engkantada sa ating kalikasan at nagpapaalala na tayong mga tao ang siyang magdurusa sa mga maling gawain natin at pang-aabuso sa ating kalikasan.

**1.3 Ang Baha ng Kabaitan**

Tumatalakay sa pagkakaroon ng baha na naging bunga ng pagtutulungan at pagkakaisa ng mga tao.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

"Oo, ang kanyang kayamanan ay naanod ng baha, pero hindi ang mga taong mahalaga sa kanya. Ginawang pangit ng baha ang kanyang nayon, pero ang mga buhay na mga bayani ay gagawin itong magandang-muli!"

Marahil nga'y tayo rin ang nagiging sanhi kung bakit nagkakaroon ng mga sakuna at dahil din dito tayo rin mismong mga tao ang magtutulong- tulong upang maisalba ang ating mga sarili.

**Papaano inilahad upang mabuksan ang kamalayan sa isyu ng *climate change* sa mga Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan ayon sa Panimula?**

**Talahanayan Bilang 2.**

***Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng climate change ayon sa Panimula***

Ang mananaliksik ay nagkaroon ng kaalaman tungkol sa mga impormasyon tulad ng oras, tagpuan, mga tauhan, konteksto ng mga pangyayari at ng mga suliranin bago magsimula ang kuwento. Ang suliranin ay inilahad sa simula bago ng kuwento. Ito rin ang naging daan sa pangalawang yugto, ang saglit na kasiglahan. (Bozer, 1995).

| **Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng C*limate Change*** | **Panimula** |
|---|---|
| 1. Signal Number 3 | Direktang inilarawan sa panimula ang tagpuan at ipinakilala na rin ang mga tauhan. Malinaw na inilarawan dito ang kasalakuyang nagaganap sa tagpuan sa simula pa lamang ng kuwento. |
| 2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan | Sa panimula pa lamang, direktang ipinakilala at inilarawan ang mga pangunahing tauhan maging ang tagpuan. |
| 3. Ang Baha ng Kabaitan | Paglalarawan sa paligid ang estilong ginamit ng may akda. Ang may akda ay gumamit rin ng tanong sa panimula upang kuhanin ang atensiyon ng mga mambabasa. |

## PAGSUSURI SA PANIMULA

**1. Signal number 3**

Inilahad sa simula ng kuwento ang isang tagpo na kung saan ay nagsisimula na ang pabugso-bugsong pag-ulan at malakas na hangin. Inihayag din dito ang mga tauhan na kasangkot sa kuwento at kung ano ang kanilang mga ginagawang paghahanda para sa paparating na malakas na bagyo.

*"Maagang sinuspinde ang aming klase. Walang tigil ang ulan nang araw na 'yun. Lalakas, hihina. Tapos, bubuhos.*
*"Nanay, ang lakas ng kulog!" hiyaw ni tintin, ang bunso kong kapatid. Nagtago ito sa palda ni Nanay. Parang galit ang langit!" sabi ni Inang Pelang.*
*"Huwag naman sanang bumaha," sabi ni Nanay. Dumungaw ito sa bintana at tinawag si Tatay na nasa labas ng bahay namin.*
*"Carding, pasok ka na! Mababasa ka."*
*"Inaayos ko pa ang bubong natin!" Nakipag-agawan sa tikatik ng ulan ang pagpukpok ng pako ni Tatay. "Mahirap na. Umaanggi kasi sa loob ng sala."*

Sa simula pa lamang ng kuwento makikita na ang mga paghahanda ng mga tauhan sa kuwento. May linya rin dito ng ilang mga bagay na dapat ihanda sa tuwing may darating na sakuna. Maaaring mayroon ng kaalaman hinggil dito ngunit masasabi ring hindi pa rin ito sapat.

**2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan**

Nagsimula ang kuwento sa pagpapakilala ng mga tauhan. Unang tinalakay sa kuwento ang katangian ng bawat isa. Si Pat Kalat ay hari ng basura. Kalat dito, kalat doon, ito ang ugali niya. Si Pol Putol ay kaaway ng mga halaman. Putol dito, putol doon, ito ang libangan niya at si Paz Waldas ay reyna ng aksaya. Aksaya sa tubig at waldas sa kuryente kanyang gawain.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

> "Ito naman ang tatlong haragan. Si Pat Kalat ay hari ng basura. Kalat dito, tapon doon. Ito ang ugali niya. Si Pol Puol ay kaaway ng mga halaman. Putol dito, bunot doon. Ito ang libangan niya. Si Paz Waldas ay reyna ng aksaya. Aksaya sa tubig. Waldas sa koryente. Ito ang gawain niya."

Sapaglalarawan pa lamang na ito mahihinuha ang hindi magandang pag-uugali ng mga pangunahing tauhan na hindi naman dapat ginagawa ng isang pangkaraniwang bata.

**3. Ang Baha ng Kabaitan**

Sa simula pa lamang ng kuwento inilarawan ang pagtataka ng pangunahing tauhan. Ipinapakita sa bahaging ito na hindi pa rin makapaniwala si Teo na syang pangunahing tauhan sa pangyayari na kanilang sinapit.

> "Pagkaraan ng dalawang araw, di masabi ni Teo kung siya'y gising o tulog. Nananaginip o sumisingap-singap. Gabi ba o araw? Gusto niyang malaman. Madilim ang lahat ng nasa loob ng ikalawang palapag ng kanilang bahay. Pakiramdam niya'y isa siyang bilanggo sa isang barko.

Sa linyang ito dama ang lungkot, bigat at takot na nararamdaman ng pangunahing tauhan. Sa pasimula pa lamang ng kuwento ay nagkaroon na agad ng isang suliranin.

**Talahanayan bilang 3.**
***Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng climate change ayon sa Saglit na Kasiglahan***

| Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan | Saglit na Kasiglahan |
|---|---|
| 1. Signal Number 3 | Sa tagpong ito nagsimula nang ipakita ang kakaharapin nilang problema. Gumamit ang may akda ng mga salitang magpapagalaw ng imahinasyon ng mga mambabasa. Ang ginamit na salita ay sa paraang paglalarawan ng pangunahing tauhan sa nangyayari sa tagpong ito. |
| 2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan | Sa puntong ito higit na inakit ang mga mambabasa upang patuloy itong basahin. Gumamit ang may akda ng dayalogo at pagsasalaysay upang mas lalong makatotohanan ang mga pangyayari. |
| 3. Ang Kaha ng Kabaitan | Makikita sa bahaging ito ang pagiging mahusay ng may akda sa paglalahad, gumamit siya ng matatalinhagang salita upang mas lalong mapalutang ang mga pangyayari. Sinamahan din ito ng mga dayalogo upang maging mas makatotohanan. |

Makikita sa Talahanayan 3 ang saglit na kasiglahan ng bawat kuwentong pambata. Makikita rito ang pagiging malikhain ng mga may akda, kung paano niya binigyan ng sulyap ang problema na maaaring kaharapin ng mga tauhan.

## PAGSUSURI SA SAGLIT NA KASIGLAHAN

Ang saglit na kasiglahan ay inilalahad sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga pangyayari na nagpapakumplikado sa mga sitwasyon at unti- unting pinapatindi o ginagawang palaisipan ang problema at nakakatulong sa mga paparating pang labanan sa pagitan ng mga tauhan. (Arioğul, 2001)

1. **Signal Number 3**

Ipinakita sa kuwento ang tagpo kung saan ang mga tauhan ay naghahanda nang matulog para sa gabing iyon. Nagsimula nang bumugso ang malakas na hangin at ulan at ang maya't mayang pagkulog at pagkidlat.

> *"Naghanda na kaming matulog. Ang sarap magkumot kapag umuulan. Ang lamig! Hindi na kailangan ng bentilador. Ilang saglit pa at pumailanlang na ang halik ni Tatay sa kabilang kuwarto.*
> *Hindi pa nagtatagal ang tulog ko nang maramdaman kong parang basa ang hinihigan ko. Nananaginip ba ako? Pinakiramdaman ko ang paligid. May tubig. Basa na ang likod ko!"*

Sa bahaging ito ng kuwento atin ng makikita ang pagsubok na kanilang haharapin.

**2.Si Emang Engkantada At Ang Tatlong Haragan**

Dahil sa mga hindi magandang ginawa ng tatlong haragan ito ang naging dahilan upang palayasin at itaboy sila ng mga tao. Marami na ang kanilang napinsala at apektado na rin dito ang maraming mamamayan sa kanilang lugar.

> *"Mga salbahe! Wala na kayong ginawang mabuti!" Galit na galit ang mga tao sa tatlong haragan. At hinabol ng mga tao ang tatlong haragan."*

Sa linyang ito, ipinakita na hindi na nga nakatiis ang mga tao sa hindi magandang asal at gawain ng tatlong haragan.

> *"Nakarating ang tatlong haragan sa magandang bakuran ni Emang Engkantada. "Ang sarap sirain," sabi ni Pol."Sige, sirain natin," sabi ni Pat. "Sirain natin ng todo," sabi ni Paz."*

Sa bahaging ito tuluyan ng ipinakita ang pangit na gawi ng tatlong haragan sa ating kalikasan.

**3. Ang Baha ng Kabaitan**

Sa kabila ng pagkasira at pagkasira ng mga gamit ni Teo, ipinaalala ni Mang Ador sa kaniyang anak na magpasalamat dahil sila ay ligtas.

> *"Ang espesyal na basurahan ko... nabahala si Teo. Laman nito ang koleksyon niya ng mga mahahalagang lumang bagay. Di pansin ang putik na tumilamsik, at ang kulay-kapeng tubig-baha, nagmamadaling bumaba si Teo. Pagkakita sa kanyang basurahan, napahagulgol siya, "Hindi!" Tumatagas mula dito ang burak o putik na malapot, nakataob at-wala na ang laman! At nawawala ang kanyang pulang bisikleta!*

Hindi lamang materyal na bagay ang mahalaga sa mundo kung hindi, higit na mahalaga rin at dapat na pakaingatan ang buhay ng tao.

**Talahanayan bilang 4.**

***Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng climate change ayon sa* Katawan**

Makikita sa Talahanayan 4, ang suliranin o problema at mga pangyayari na maaaring makapagpabago sa buhay ng bawat tauhan.

| Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan | Katawan |
|---|---|
| 1. Signal Number 3 | Salitan ang pagsasalaysay sa pagitan ng dayalogo ng tauhan at sa paglalarawan ng mga pagyayari sa paligid. Sinamahan rin ng mga tauhan ng dasal ang kanilang kalagayan. |
| 2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan | Maganda ang naging daloy ng paglalahad ng katawan ng kuwento dahil maayos at magkakasunod ang mga naging pangyayari. Ipinakita rin ng may akda ang kinaharap na parusa ng mga tauhan na nagbigay daan upang magkaroon ng kulay ang pangyayari sa kuwento. Ganoon pa rin ang estilo ng may akda, salitan ang dayalogo at pagsasalaysay sa bahaging ito. |
| 3. Ang Kaha ng Kabaitan | Salitan ang pagsasalaysay ng kuwento sa pagitan ng dayalogong binibitawan ng mga tauhan at paglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa paligid na nagdulot ng pagiging matatag at positibo sa buhay ng mga tauhan. |

Makikita sa Talahanayan 4, ang suliranin o problema at mga pangyayari na maaaring makapagpabago sa buhay ng bawat tauhan.

## PAGSUSURI SA KATAWAN

Sa katawan makikita ang pinakamahalagang yugto ng pagkakabuo ng mga pangyayari sa loob ng kuwento. Ang pinakamahalagang punto sa yugtong ito ay dito nagaganap ang suliranin kung ito ay malapit ng maresolba. (Bozer, 1995)

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan bilang 5.**

***Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng climate change ayon sa* Wakas**

| Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan | Wakas |
|---|---|
| 1. Signal Number 3 | Malungkot ang naging wakas ng kuwento sapagkat naubos ang lahat ng kanilang ari-arian ngunit sa kabila nito maganda ang natanggap nilang balita dahil ligtas ang kanilang mga kamag- anak sa kabilang lugar. |
| 2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan | Maganda ang kinalabasan at naging resulta ng pakikipagtunggali ng mga tauhan sa mga suliraning kinaharap nila. Sa puntong ito natuto at nagbago ang pag-uugali ng tatlong haragan. |
| 3. Ang baha ng kabaitan | Sa huli ay natauhan ang pangunahing tauhan dahil nalaman niya ang kahalagahan ng buhay ay higit pa sa anumang materyal na bagay. |

**1. Signal number 3**

Nagising ang mga tauhan dahil sa pangyayaring kanilang lubos na ikinabigla at ikinabahala sapagkat ang kanilang bahay ay lubog na sa baha.

> *Sa bubungan, nagulat kaming lahat nang makita ang buong paligid. Para na itong dagat! Lubog na pala ang aming buong barangay! Puro bubungan na lang ng mataas na bahay ang makikita, at puro tuktok na lang ng mga puno ang nakalabas. Hindi lang pala kami ang nasa bubungan!*
> *"Diyos ko po! Ano'ng nangyari?" hiyaw ni Nanay.*
> *"Delubyo ito!" sabi ni Inang Pelang.*
> *"Tumanda na 'kong ganito. Pero ngayon lang ako nakakita ng ganito!" gulat na sabi ni Tatang Piding.*

Dito na nagsimula ang hindi inaasahang pangyayari. Tuluyan ng nilamon ng malaking baha ang kanilang lugar. May ilang paalala ang ilang ahensya patungkol sa mga ganito ngunit tao ang makulit, ayaw sumunod sa mga taong may higit na kaalaman sa mga dapat gawin na paghahanda.

**2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan**

Hindi naging maganda ang naging tagpo dahil sa hindi magandang pag-uugali na inasal ng tatlong haragan sa pamamagitan ng pagsira sa magandang bakuran ni Emang Engkantada na naging sanhi upang sila ay parusahan.

> *"Dumating si Emang Engkantada. Binawalan niya ang tatlong haragan. Tumawa lamang sila nang tumawa habang sinisira ang magandang bakuran. Nagalit si Emang Engkantada."Dapat kayong bigyan ng aral," sabi ni Emang Engkantada. May dumating na malakas na hangin. Umikot ang malakas na hangin sa tatlong haragan. Nahilo ang tatlong haragan."*

Ang masamang gawain ay hindi dapat hinahayaan bagkus ito ay sinusuway at itinatama.

Ipinaranas ni Emang Engkantada sa tatlong haragan ang maaaring mangyari kung ipagpapatuloy pa rin nila ang hindi magandang gawain katulad na lamang ng paninira, pagkakalat, pagpuputol, pag-aaksaya at pagwawaldas.

> *"Hindi na po ako magkakalat," sabi ni Pat. "Hindi na po ako maninira," sabi ni Pol. "Hindi na po ako mag-aaksaya," sabi ni Paz. "Maawa na po kayo," sabi ng tatlong haragan."*

Sa parusang kanilang natamo, makikita sa bahaging ito ang pagsisisi ng tatlong haragan sa kanilang hindi magandang gawain.

**3. Ang Baha ng Kabaitan**

Naging maganda at masaya ang tagpong ito dahil sa naranasan nilang kalamidad sa bayan ng Umingan ay nagtulong-tulong ang lahat ng mga tao upang muling maging maayos ang kanilang lugar.

> *"Wow, ang pinakamatinding bagyo ay nagbunga ng pinakamabuti mula sa mga tao. Ang daming mga bayani!*

*Maraming bayani?! O hindi! Natakot si Teo na baka marami ang nangamatay, dahil iniisip niya si Jose Rizal, Andres Bonifacio, at Ninoy Aquino na mga namatay para sa bayan."*

Makikita sa bahaging ito na nagkaroon ng katanungan at pagkalito si Teo. Napaisip s'ya na baka marami ang nasawi dahil sa dumating na kalamidad at doon din nya napagtanto na totoo ngang walang buhay na bayani.

*"Sa isang malayong sulok ay naroon sina Titser Milagring, Titser Ligaya, at Ma'am Lita. Nililinis nila ang tumpok ng mga prutas at inilalagay ang mga ito sa mga sako."*

Makikita sa linyang ito ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga tao sa naging karanasan nila sa nagdaang kalamidad. Naging positibo pa rin ang kanilang pananaw na parang walang nangyari at naninindigan na magiging maayos rin ang mga bagay-bagay.

"Maaaring maraming bagay ang nawala sa atin, pero walang nawala ni isang buhay."

Sa linyang ito, ipinababatid lamang na ang anumang bagay na nawala ay maaaring palitan pero ang buhay kapag nawala kailanman ay hindi na maaaring maibalik pa.

"Nakita mo? Bumubuti na ang mga bagay-bagay," sabi ng tatay ni Teo, bumubulong sa tenga ng kanyang anak, si Teo ay isa ring bayani.

Ang pagtutulong- tulong ay nagkakaroon ng isang magandang resulta. Ang pagiging isang bayani ay isang karangalan na hindi dapat tanggihan, ito ay ipinagkakaloob sa mga taong nagtataglay ng magandang kalooban at mabuting hangarin hindi lamang sa patay maging sa mga buhay.

**Talahanayan bilang 6.**
***Kuwentong Pambata: Tuon ang Kuwentong Pangkalikasan na nagbubukas sa kamalayan ng bata sa isyu ng climate change ayon sa* Kakintalan**

| Kuwentong Pambata, tuon ang Kuwentong Pangkalikasan | Kakintalan |
|---|---|
| 1. Signal Number 3 | Maraming bagay ang dapat nating ipagpasalamat marahil bulag lamang tayo sa mga ito kung kaya't hindi nating nakikita ang mga bagay na hamak na mas mahalaga. Maaaring nawala ang mga materyal na bagay ngunit hamak na mas mahalaga ang buhay nating lahat. |
| 2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan | May mga bagay na dapat nating iniingatan at pinahahalagahan marahil kulang lamang tayo sa gabay at patnubay. Katunayan, ang paggawa ng hindi kanais-nais ay magdudulot ng hindi maganda. |
| 3. Ang baha ng kabaitan | Dumarating sa punto na nagkakaroon tayo ng problema o suliranin sa ating buhay marapat lamang na ito'y ating harapin at labanan. At higit sa lahat ang anumang problema na darating sa ating buhay ay may solusyon, kadalasan kailangan lang pala natin ng tulong upang tayo ay makabangon. |

Makikita sa Talahanayan 6 ang kakintalan o mensahe ng bawat kuwentong pambata. Ito ang pinakasustansya ng isang kuwento sapagkat ito ang aral na puwedeng makuha ng isang mambabasa.

## PAGSUSURI SA KAKINTALAN

Ang isang kuwento ay nagpapahayag sa bawat tao sa paraang magkakatulad. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang kuwentong may aral o kakintalan, natututuhan ng isang bata o mambabasa kung gaano kahalaga ang mabuhay ng may taglay na kabutihan at nakakakuha sila ng mas malalim na pang- unawa sa mga aral ng buhay. Narvaez, Does Reading Moral Studies Build Character? 2002 (p.156)

**1. Signal number 3**

Sabi nga ng isang kilalang *tagline* sa patalastas sa telebisyon at radyo hinggil sa mga bagyo, "Ligtas ang may alam". Bilang isang tao marami pa tayong dapat malaman lalo't higit na sa mga epekto ng Inang Kalikasan na tayo rin naman ang may kasalanan. Sa mga ganitong pangyayari walang dapat sisihin kung hindi ang ating mga sarili. Kung ang bawat isa ay mayroong sapat na kaalaman tungkol sa tamang gawi sa ating kalikasan naniniwala akong hindi mangyayari ang ganitong sakuna.

**2. Si Emang Engkantada at ang Tatlong haragan**

Tatlong pilyong bata ang nasisiyahan sa pagputol ng mga halaman, pagsasayang ng tubig at kuryente, at pagtatapon ng basura kahit saan. Si Emang Engkantada ang magtuturo sa kanila ng kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan.

Ang kalikasan ang nagbibigay kulay sa ating kapaligiran na siyang ipinagkaloob sa atin ng Maykapal na dapat nating ingatan at pangalagaan. Ipinababatid lamang sa kuwento na ang pagsira sa kalikasan ay hindi isang magandang gawain na dapat itanim sa isipan ng bawat bata.

**3. Ang Baha ng Kabaitan**

Ang bawat tauhan sa kuwento ay may kanya-kanyang gampanin upang muling maibalik ang dating ganda ng kanilang Bayan. Ang pagiging matulungin ay isa sa mga pag-uugali ng mga Pilipino na maipagmamalaki natin sa buong mundo. Minsan sa mga kalamidad na ating nararanasan may mga taong nawawalan na ng pag-asa sa buhay, dahil hindi na nila alam kung papaano sila magsisimula at babangong muli. Sa kabila ng mga ito ay may mga taong handang tumulong sa mga nasiraan o nawalan.

Ang mensahe ng kuwentong ito, anumang unos na dumating sa ating buhay ay hindi isang dahilan ang pagsuko at pagkawala ng pag-asa sa ating buhay bagkus ay gawin natin itong inspirasyon upang muling bumangon at harapin muli ang hamon ng buhay.

***Mungkahing hakbang upang maging lunsaran ang mga kuwentong pambata sa pagtuturo ng Climate Change***

Ang mga sumusunod na hakbang ay maaaring maging basehan upang maging lunsaran ang mga kuwentong pambata sa pagtuturo ng *climate change.*

1. Gumawa ng maikling patalastas na maaaring mapanood sa pamamagitan ng mga *social* media *sites* tulad ng facebook patungkol sa ilang paraan o paalala ukol sa pag-iwas sa sakuna na dulot ng *climate change* katulad ng tamang pagtatapon at hindi pagsusunog ng basura.

2. Maglimbag ng mga paalala at mga impormasyon tungkol sa *climate change* sa pamamagitan ng paggawa ng pamphlet na nilapatan ng ilustrasyon upang mas maging kaaya-aya sa paningin ng mga bata.

3. Magsagawa ng seminar na kasangkot ang mga magulang ng mga mag- aaral sa elementarya lalo na ang mga nasa una hanggang ikatlong baitang patungkol sa usapin ng *climate change.*

## MGA SANGGUNIAN

**Aklat:**


1. *Adigue, A. P. (2022). UGNAYAN NG KUWENTONG PAMBATA AT KUWENTONG PANGKALIKASAN. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 8(10), 257-262.*
2. *Arrogante, Jose A. 2000 binagong edisyon. Filipino Pangkolehiyo (Kasiningan, Kakayahan at Kasanayan sa Komunikasyon. New Galaxie Lithographic Arts & Printing Press*
3. *Arioğul. S. (2001). The Teaching of Reading through Short Stories in Advanced Classes. Hacettepe University, the Institute of a Social Sciences, Unpublished M.A. Thesis, Ankara.*
4. *Bozer, D. "An Analysis of a Short Short Story". Journal of English Language and Literature, 3, 83-88, December 1995.*
5. *Bravo, Becky. 2011. Lilay. Lampara Publishing House, Inc. Manila Philippines.*
6. *Chong, Grace. Ang Baha ng Kabaitan. Hiyas*
7. *Gatmaitan, Luis P. M.D. 2014 Signal Number 3. Hiyas. 776 Boni Avenue, Mandaluyong City, Philippines.*
8. *Gojo Cruz, Genaro R. at Gasingan, Myrna D.L 2006 ikaapat na edisyon. Ang Bagong Filipino. Salesiana Publishers, Inc., Makati City, Philippines*
9. *Oris, Glenda. 2011. Whuush! Adarna House. Quezon City, Philippines.*
10. *Santiago, Lilia Q. 2007. Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc.*
11. *Villanuea, Rene O. 2006. Si Emang Engkantada at ang tatalong haragan. Adarna House. Quezon City, Philippines.*
12. *http://www.cfopso.org.ph/pdf/12thconferencepresentation/day2/FelicidadCuano-Filipino-RBSI.pdf*
13. *https://www.scribd.com/doc/135935758/tesis-sa-Filipino*
14. *https://panitikan.ph/2013/05/28/sitwasyon-ng-panitikang-pambata-sa-pilipinas-2010-2012-ni-eugene-y-evasco/*
15. *http://www.academia.edu/27907635/Ang_Ikatlong_Dekada_Ang_Sitwasyon_at_Mungkahing_Pagpapaunlad_ng_Panitikang_Pambata_sa_Pilipinas_2000-2009_*
16. *https://xwikapedia.wordpress.com/tag/panitikang-pambata/*
17. *https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED416465.pdf?ref=driverlayer.com/web*
18. *https://books.google.com.ph/books/about/Book_Smart.html?id=V_tMAgAAQBAJ&redir_esc=y*
19. *https://earther.gizmodo.com/this-picture-book-is-the-perfect-way-to-introduce-kids-1822769716*

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188**

20. *http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/viewFile/380/232*
21. *http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2014/09/APJMR-2014-2-117.pdf*
22. *http://study-everything.blogspot.com/2014/06/kahulugan-at-kahalagahan-ng-pagbasa.html?m=1*
23. *http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/380/232*
24. *https://208500232771798456.weebly.com/mga-elemento.html*
25. *https://scholar.google.com.ph/scholar?hl=en&as_sdt=0%2C5&q=how+to+analyze+exposition+in+&btnG=#d=gs_qabs&u=%3DxR1mxgdNVkJ*
26. *Modyul sa Climate Change – kpdnotrh.weebly.com*
27. *https://www. Scribd.com Epekto ng Global Warming*